Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-08 NG ABRIL, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 76-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT (DSWD) REGIONAL OFFICE III NA MADAGDAGAN ANG ALOKASYON NG SOCIAL AMELIORATION PROGRAM (SAP) PARA SA MGA INDIGENT O MAS NANGANGAILANGANG PAMILYA SA LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA
KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa R.A. No. 11469 o kilala bilang "Bayanihan to Heal as One Act" binigyang kapangyarihan at pahintulot si Pangulong Rodrigo Roa Duterte na ma-allocate, ma-realign at ma-reprogram ang halagang Dalawang Daan at Pitumpu't Limang Bilyong Piso (P275B) na tutugon sa Pandemic o Covid-19;

**SAPAGKAT,** pinag-uutos ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na ang halagang Dalawang Daan at Pitumput Limang Bilyong Piso (P275 Bilyon) ay ipapamahagi at pangangasiwaan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa mga mahihirap na pamilya;

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Joint Memorandum Circular No. 01, s. 2020 ang gabay sa pamamahagi ng Social Amelioration Program (SAP) sa mga lugar na pinaka-apektado ng Enhanced Community Quarantine (ECQ);

**SAPAGKAT,** batay sa Kapasiyahang Panlungsod Bilang 75-2020 ay nagkaroon ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at Department of Social Welfare and Development (DSWD) Regional Office III para sa Social Amelioration Program ng Pamahalaang Nasyonal;

**SAPAGKAT,** ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) Regional Office III ay mayroong target-beficiaries na may kabuuang bilang na tatlumpu't dalawang libo at limang daan (32,500) na hahatiin sa mga Barangay ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ayon sa DSWD Regional Office III ang Lungsod ng Malolos ay may kabuuang bilang na humigit-kumulang animnapu't isang libo, anim na raan at dalawampu't dalawang (61,622) households;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay naglalayon na madagdagan ang bilang ng target-beneficiaries ng SAP na makakatulong sa mahihirap na pamilya na apektado ng Covid-19;

Sa nagkakaisang mungkahi ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Kapasiyahang Panlungsod na ito, na humihiling sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) Regional Office III na madagdagan ang alokasyon ng Social Amelioration Program (SAP) para sa mga indigent o mas nangangailangang pamilya.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*04132020